



MEMORANDUM

**PETSA:** Oktubre 2, 2020  
**PARA SA:** Mga Lider sa Pananampalataya at Kultura ng Mga Lugar ng Pagsamba sa San Francisco  
**RE:** Pagpapasyang ibalik ang mga indoor na pagtitipon habang may pandemyang dulot ng COVID

Layunin naming magbigay ng napapanahong impormasyon para matulungan ang mga komunidad ng pananampalataya na paliitin ang posibilidad ng pagkalat ng COVID-19. Noong Set. 30, 2020, pinayagan na ng Opisyal sa Kalusugan ng Estado ng California at San Francisco ang mga awtorisadong indoor na pagsamba sa pananampalataya. **Gayunpaman, posibleng hindi pa ligtas para sa iyo na gawin ito.**

**MAS malaki ang posibilidad na magkahawahan ng COVID-19 indoors.**

Ang COVID-19 ay puwedeng mag-travel nang mahigit sa 6 na talampakan sa hangin at naiipon indoors.

Dapat mong isaalang-alang ang mas malaking panganib nito para sa iyo at sa iyong kongregasyon.

Ang panganib na kaakibat ng pagtitipon ay hindi lang personal na panganib, pinapalaki rin nito ang posibilidad na magkahawahan ng COVID-19 sa komunidad, na posibleng umabot sa mga taong hindi kasama sa pagtitipon.

Napag-alamang kumakalat ang COVID-19 kapag:

- humihinga, nagsasalita, kumakanta, umuubo, o bumabahing ang isang tao, at kapag naglalabas siya ng maliit na nakakahawang particle na puwedeng pansamantalang manatili sa hangin, lalo na kung indoors, at na puwedeng mag-travel nang mahigit sa 6 na talampakan sa mga indoor na dala ng hangin (transmisyon sa pamamagitan ng aerosol),
- may nahahawakang kontaminadong surface ang isang tao at pagkatapos ay humahawak siya sa isang mucus membrane gaya ng kanyang ilong, mga mata, o bibig (transmisyon sa pamamagitan ng contact), o
- may malalaking droplet mula sa pag-ubo at pagbahing na direktang napupunta sa mukha, ilong, mga mata, at bibig ng isang tao sa malapit, na karaniwang may layong wala pang 6 na talampakan (transmisyon sa pamamagitan ng mga droplet),

**Para magawang ligtas ang indoor na pagsamba hangga't posible...**

- **Huwag magmadali.** Tiyaking mayroon kang [Health and Safety Plan](#) (Plano sa Kalusugan at Kaligtasan) at na maipapatupad mo ang plano **bago** magsimula ang mga indoor na aktibidad. Maraming elemento ang mga plano, kasama ang mga limitasyon sa kapasidad, **mga kinakailangan** para sa karatula (<https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19>), pagsasaayos para sa pagdistansya sa isa't isa, pagsusuot ng mask, pagbabawal ng pagkanta o pag-chant, pagsusuri ng mga papasok sa lugar ([www.sfcdcp.org/screen](http://www.sfcdcp.org/screen)), at iba pang mahahalagang elemento. Tingnan ang [www.sfdph.org/dph/alerts/covid-guidance/2020-34-HSP-Indoor-Worship.pdf](http://www.sfdph.org/dph/alerts/covid-guidance/2020-34-HSP-Indoor-Worship.pdf) para sa Plano sa Kalusugan at Kaligtasan.
- Mahalagang elemento ang **sapat na bentilasyon** dahil naiipon ang mga particle ng virus indoors. Kung hindi mo mao-optimize ang bentilasyon ayon sa [www.sfcdcp.org/COVID-ventilation](http://www.sfcdcp.org/COVID-ventilation) dahil sa mga bagay-bagay gaya ng system para sa heat, bentilasyon, at air conditioning (heating, ventilation, and air conditioning, HVAC) na hindi gumagana nang maayos o hindi magandang kalidad ng hangin na dahilan para isara ang mga bintana, inirerekomenda naming huwag magsagawa ng indoor na pagsamba – gawin ito sa virtual na paraan o outdoors hanggang sa malutas ang mga isyu sa bentilasyon.

**Bumuo ng Plano para matiyak ang kaligtasan at espirituwal na kalusugan ng iyong kongregasyon o espirituwal na komunidad**

**Dapat** ay may ipinapatupad na sapat na [Health and Safety Plan](#) (Plano sa Kalusugan at Kaligtasan) ang iyong lugar ng pagsamba **bago** ang pagtitipon indoors para maiwasan at mabawasan ang transmisyon ng COVID-19. Kung walang plano ang iyong lugar ng pagsamba, patuloy na magsagawa ng mga outdoor na pagtitipon o virtual na serbisyo hanggang sa may maipapatupad na Plano sa Kalusugan at Kaligtasan.

Gamitin ang [Best Practices](#) (Pinakamahuhusay na Kagawian) na ito para magawa ang Plano (makikita ang Pinakamahuhusay na Kagawian at ang memo na ito sa [www.sfcdcp.org/safersocial](http://www.sfcdcp.org/safersocial))

Para makakuha ng mas detalyadong impormasyon tungkol sa pagpapanatili sa iyong lugar ng pagsamba na mas ligtas, sundin ang Direktiba ng Opisyal sa Kalusugan Blg. 2020-34, Exhibit A Blg. 2020-34 at gabay sa: [www.sfcdcp.org/safersocial](http://www.sfcdcp.org/safersocial).

Mag-email sa [Faith-basedsites@sfdph.org](mailto:Faith-basedsites@sfdph.org) kung gusto mo ng tulong sa iyong **Plano bago ka magbukas para sa indoor na pagsamba.**